## WELCOME
Ibahagi sa grupo ang isang pangarap mo noong bata ka na di natupad.

## WORSHIP
Maaaring umawit ng pagsamba sa Diyos o kaya'y magpasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng isang bagay na ginawa ng Diyos sa nagdaang linggo.

## WORD

**Layunin** (di dapat basahin sa grupo; dapat pag-aralan ng lider)

Maging pamilyar sa mga talatang nagsasaad na ang ating Diyos ay Diyos na makagagawa ng lahat ng bagay na kanyang ibigin.

Suriin ang mga nagdaan at kasalukuyang pangyayari sa buhay kung nakikita ang kamay ng Diyos na kumikilos sa mga ito para sa kanyang layunin.

Italaga sa Diyos ang isang bahagi ng personal na buhay kung saan mas gusto mo na ikaw ang may kontrol sa halip na ipaubaya sa Diyos ang resulta.

### Panimula
1. Ano ang isang alam mong imposibleng bagay na pinangarap mong gawin? Bakit?

<u>Tulay tungo sa Talakayan:</u> Marami tayong mga bagay na gusto o pangarap nating gawin na di natin magagawa. Kaya naman naiiba ang Diyos sa lahat ng kanyang nilikha. Our God is sovereign. ***Lahat ng ibiging gawin ng Diyos ay gagawin niya, magagawa niya, at walang sinuman o anuman ang makahahadlang sa kanya upang isagawa ang mga ito.***

### Talakayan
2. *Ginagawa ng Diyos lahat ng ibigin niyang gawin.* Basahin ang Awit 115:3. Magbigay ng mga halimbawang magpapatunay nito. Magbigay din ng ilang sitwasyong napagdududahan natin ang katotohanang ito.

3. Basahin ang Awit 33:10-11 at Job 42:2. Ayon sa mga talatang ito, *walang makahahadlang sa nais gawin ng Diyos.* Ano ang ilan sa mga nais gawin ng Diyos na tila may nakahahadlang? Ano sa tingin mo ang ginagawa ng Diyos para maging matagumpay ang layunin niya sa bagay na ito?

4. *God is sovereign over suffering and evil. Hinayaan niyang mangyari ang mga ito para sa kanyang dakilang layunin. Subalit hindi natin pwedeng akusahan ang Diyos na siya'y di mabuti at makatarungan.* Basahin ang Panaghoy 3:37-38 at Genesis 50:20. Paano natin makikita dito ang sovereignty ng Diyos? Sa tingin mo, bakit tayo nahihirapan na unawain ang katotohanang magagawa ng Diyos ang lahat ng ibigin niya sa kabila ng maraming kahirapan at kasamaang nasa paligid natin?

5. *Dahil ang Diyos ay sovereign, magagawa niyang baguhin ang puso ng isang tao.* Basahin ang Kawikaan 21:1 at Ezekiel 36:26-27. Ano implikasyon nito sa pananalangin natin at pagbabahagi ng Mabuting Balita sa mga di mananampalataya?

6. *Dahil ang Diyos ay sovereign, walang aksidente sa kanya. Lahat ay ayon sa kanyang plano at layunin.* Basahin ang Mateo 10:29. Paano natin makikita ang kamay ng Diyos sa mga pangyayari sa buhay natin na una ay akala nating aksidente lang.

### Pagsasabuhay
7. *Dahil ang Diyos ay sovereign, dapat buong tiwala nating ipaubaya sa kanya ang lahat ng bahagi ng buhay natin at gawin lahat ng magagawa natin ayon sa kanyang kalooban.* Anong bahagi ng buhay mo ang nais mo na ikaw ang may kontrol? Anong bahagi ng buhay mo ang di mo nakikita ang kamay ng Diyos? Ano ang gagawin mo para ipaubaya ito sa Diyos at upang mas makita ang pagkilos niya sa buhay mo?

### Memory Verse of the Week
Awit 115:3 (Ang Biblia), "Ngunit ang aming Dios ay nasa mga langit: kaniyang ginagawa ang kaniyang ibigin."

## WORKS
Maaring pag-usapan ang mga plano para sa mga susunod na gawain ng Kaagapay at ipanalangin ang mga kaibigan o kapamilyang di pa nakakakilala kay Cristo.